

Pamahiin nila noon, Buhay pa ba ngayon? Pagsusuri sa mga Pamahiing Nananatili mula noon Hanggang Ngayon



Reshel Madel Lopez, Karen Leah Raboy
Jehjirah Gale Mangangot at Vergel Nale
Adviser: Rowena Gaspay-Fernandez

Abstract

Tumatalakay ang pag-aaral na ito tungkol sa konsepto ng pamahiin. Ang mga pamahiin ay ang mga paniniwalang walang batayan hinggil sa mga bagay-bagay na wala namang kinalaman sa isa't isa ngunit mayroon itong malaking epekto sa pang-araw-araw nating pamumuhay. May 120 na kalahok ang pag-aaral na ito na hinati sa tatlong henerasyon (X, Y at Z). Layunin nito na alamin: (1) ang mga pamahiin na patuloy na nananatili; (2) ang bilang ng mga kalahok na tumatanggap at sumusunod sa pamahiin sa bawat henerasyon, gayon din ang hindi tumatanggap at hindi sumusunod; (3) ang mga dahilan ng mga kalahok sa (a) pagtanggap o hindi pagtanggap na tumutukoy sa paniniwala sa pamahiin at (b) pagsunod o hindi pagsunod sa pamahiin; (4) sa paanong paraan nagiging bahagi at naapektuhan ng pamahiin ang pang araw-araw na pamumuhay ng mga kalahok.

Keywords

Nananatiling pamahiin, henerasyon, pagtanggap, pagsunod

Ang mga katutubong paniniwala ay bahagi na ng ating pagkakakilanlan at kultura bilang Filipino. Ang mga paniniwalang ito ay nagpapakita ng ating gawain, tradisyon at kasanayan na maaaring maglarawan ng ating pang araw-araw na pamumuhay na atin namang namana mula sa ating mga ninuno.

Isa lamang sa maraming bagay na ipinasa sa atin ng nagdaang lahi ang pamahiin. Binigyang kahulugan ng isang *blog* ang pamahiin bilang isang paniniwalang walang siyentipikong batayan hinggil sa mga bagay-bagay na wala namang kinalaman sa isa't isa ngunit mayroon itong malaking epekto sa pang-araw-araw nating pamumuhay (Gintong Aral, 2015). Noon pa man, nakasanayan na ng mga Filipino ang gawing batayan ang mga pamahiin upang maging gabay sa kanilang pamumuhay sa araw-araw. Madalas ay nagiging batayan rin ito ng pagkamit ng swerte o di kaya naman ay upang makaiwas sa kamalasan o hindi magandang takbo ng buhay. Maging ang paggawa ng tama at dapat o ng mali at hindi dapat gawin ay dito na rin ibinabatay.

Mula sa isang *blog* ni Siojo (2015), sinabi niya na ang iba't ibang paniniwala sa mga

kasabihan at pamahiin ay bahagi na ng ating kulturang Filipino at ito ay naiimpluwensyahan ng mga nagaganap sa ating paligid o kaya naman ng mga bagay na nagbibigay takot sa mga tao. Ayon kay Jovina (2013), isang Filipino *blogger*, ang mga sinaunang Filipino ay tulad ng mga tao sa ibang bansa na may pinaniniwalaan ding mga pamahiin na karaniwan namang gabay nila sa pang-araw-araw na pamumuhay. Sinasabi rin nina Gonda at Malacapo (2012) na nakagisnan na ng mga Filipino ang maniwala sa mga pamahiin kahit na hindi ito nabigyang paliwanag ng mga nagdaan ng henerasyon at patuloy parin itong ginagamit na batayan sa pamumuhay ng marami.

Mahalaga para sa mga Filipino ang pamahiin sapagkat ito ang nagbibigay linaw sa mga bagay na nangyayari sa ating paligid gaya ng mga likas na trahedyang. Sinasabi ni Dr. Florentino Hornedo, na isinipi nina Gonda at Malacapo (2012), na ang pamahiin ay isa lamang paraan ng mga tao noon upang bigyang paliwanag ang mga bagay-bagay sa kanilang paligid, sapagkat noon ay wala pang sapat na kaalaman ang mga tao sa lipunan sa mga bagay na may kinalaman sa



agham. Kalakip rin ng paniniwala sa mga pamahiing ito ay ang pag-asang mapabuti ang lahat ng bagay sa kanilang paligid; at dagdag pa ni Goretti (2013) mula sa kaniyang *blog*, ang mga sinaunang tao ay umaasa lamang sa kanilang kapaligiran.

Sa dami ng mga dayuhang sumakop sa atin at sa layo ng narating ng sibilisasyon ay nagkaroon na tayo ng iba't ibang paniniwala. Naimpluwensyahan ng maraming bagay ang isipan ng nakararami at tila hindi na nabibigyang pansin ang mga katutubong paniniwala tulad na lamang ng pamahiin. Dahil dito, minabuti ng mga mananaliksik na bigyang pag-aaral ang usapin upang alamin kung patuloy pa nga bang nabubuhay ang mga ito sa kabila ng makabago at sibilisadong pamumuhay. Inalam din ng mga mananaliksik kung patuloy pa rin bang naapektuhan ng pamahiin ang kaisipan at pamumuhay ng mga Filipino ngayon.

Karagdagan pa, matapos ang paghahanap ng mga pag-aaral at literaturang may kaugnayan sa pamahiin, napag-alaman ng mga mananaliksik na tila may kakulangan sa pag-aaral tungkol sa pamahiin sapagkat karaniwan na lamang itong nakikita sa mga *blogs*. Dahil sa paghahanap ng mga literaturang makapagbibigay alam sa kalagayan ng pamahiin sa kasalukuyang panahon, iilang sulatin lamang ang nakita at nabasa ng mga mananaliksik. Napagtanto rin ng mga mananaliksik na maaaring may pag-aaral at kasulatan tungkol sa pamahiin noon ang naitalakay na ngunit hindi nailathala. Maaaring isa ito sa mga dahilan kaya may kakulangan sa mga mapagkukunan ng literaturang magbibigay kaalaman tungkol sa pamahiin.

Sa kabilang banda, nahahati ang tao sa iba't ibang henerasyon at ang mga categoryang tumutukoy sa mga ito ay ang mga sumusunod: The Depression Era, World War II, Post-War Cohort, Baby Boomers, Generation Jones, Generation X, Generation Y o kilala rin sa tawag na The Millennials, at Generation Z (Schroer, 2012). Ngunit sinasabi nina Posadas at Fernandez (2015) na sa mga nabanggit na henerasyon, tatlo

lamang ang mas kilala sa ngayon – ito ay ang mga Henerasyon X, Y, at Z. Ang mga tao sa henerasyon X ay ang mga taong ipinanganak noong taong 1966 hanggang 1976; habang sa henerasyon Y ay ang mga taong ipinanganak naman sa taong 1977 hanggang 1994; at ang mga tao sa henerasyon Z ay ang mga taong ipinanganak sa taong 1995 hanggang 2012 (Schroer, 2012 na sinipi nina Posadas at Fernandez, 2015).

Sa paglipas ng panahon, unti-unting nagkakaroon ang mga tao ng sapat na kaalaman tungkol sa lipunan at agham. Ayon kay Milana (2008; na sinipi nina Posadas at Fernandez, 2015), ang bawat henerasyon ay siyang nagbibigay ng gabay at direksyon sa mga henerasyon na sumunod sa kanila. Kaya naman sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, inalam ng mga mananaliksik kung patuloy pa nga bang nabubuhay ang mga pamahiing ito sa kabila ng paglipas ng ilang henerasyon at kung mayroon pa nga bang gamit ang mga ito sa pamumuhay ng mga Filipino.

Upang mapalalim pa ang pag-unawa tungkol sa pamahiin, sinubukan ng pag-aaral na ito na alamin ang konsepto ng pamahiin ng mga taong nabibilang sa tatlong henerasyon: ang X, Y, at Z. Inalam din ng mga kalahok ang mga sumusunod: (1) ang mga pamahiin na patuloy na nananatili; (2) ang bilang ng mga kalahok na tumatanggap at sumusunod sa pamahiin sa bawat henerasyon, gayon din ang hindi tumatanggap at hindi sumusunod; (3) ang mga dahilan ng mga kalahok sa (a) pagtanggap o hindi pagtanggap na tumutukoy sa paniniwala sa pamahiin at (b) pagsunod o hindi pagsunod sa pamahiin; (4) sa paanong paraan nagiging bahagi at naapektuhan ng pamahiin ang pang araw-araw na pamumuhay ng mga kalahok.

Metodo

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *Mixed Method technique* na ang ibig sabihin ay pinagsamang kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik. Ang isa sa uri ng kwalitatibong pananaliksik ay ang *exploratory method*. Layunin nito na

alaman ang isang kaganapan upang maipaliwanag ito ng maayos at malinaw. Ginamit ang pamamaraang ito dahil ito ay angkop sa pagbibigay linaw sa ninanais malaman ng mga mananaliksik. Gamit ang *exploratory method*, natukoy ng mga mananaliksik ang iba't ibang aspeto at pananaw ng mga kalahok tungkol sa pamahiin at gampanin nito sa kanilang pamumuhay sa paglipas ng iba't ibang henerasyon. Sa paggamit ng *Mixed Method*, mas napadali at naiayos ng mas maigi ang pag-aanalisa sa problema ng isang pananaliksik (Creswell, 2003).

Gumamit din ng katutubong pamamaraan ang pag-aaral dahil ito ay naayon sa kulturang Filipino ito ay ang pagtatanung-tanong at pakikipagkwentuhan. Ang pagtatanung-tanong ay ang impormal na paraan ng pakikipanayam at pagkuha ng datus sa mga kalahok (Gonzales, 1982; Pe-Pua, 1989). Sa gawain ito, nagkaroon ng malayang pag-uusap ang mga kalahok at mananaliksik, tungkol sa kanilang personal na karanasan at pananaw tungkol sa pamahiin. Gumamit ng gabay sa pakikipagpanayam ang mga mananaliksik para sa mga paksang tatalakayin sa pakikipagkwentuhan. Ang mga katanungan at paksa na ginamit ay dumaaan sa *pilot testing* upang matiyak na angkop ito sa datos na kailangan sa pag-aaral. Ito ay isinagawa saanim na tao, dalawa bawat henerasyon.

Gumamit din ng *audio recorder* ang mga mananaliksik upang itala ang mga datus. Sa bawat kalahok, tumagal ng lima hanggang sampung minuto ang pag-uusap. May kabuuang 120 kalahok ang pag-aaral na ito na itinakda (*quota sampling*) ng mga mananaliksik. Nagkaroon ng tatlong grupo ang mga kalahok base sa kanilang henerasyon. Ito ay ang X, Y, at Z. Ang henerasyong X ay binubuo ng mga kalahok mula 36-50 ang edad. Ang henerasyong Y ay binubuo ng mga kalahok mula 20-35 ang edad at ang henerasyong Z naman ay binubuo ng mga kalahok na may edad 15-19. Bawat grupo ay may 40 na kalahok. Hindi binigyang pansin ang kasarian at tanging mga residente lamang ng lungsod ng

Puerto Princesa ang ginawang kalahok sa pag-aaral na ito.

Frequency Count ang ginamit upang tukuyin ang sumusunod: (1) bilang ng mga pagbanggit sa mga pamahiing natukoy, (2) kung ilan pa bang tao sa kasalukuyan ang tanggap at hindi tanggap gayundin ang sumusunod at hindi sumusunod sa pamahiin. Ang *Thematic Analysis* ay ginagamit din upang maiuri ang iba't ibang pamahiing natukoy mula sa mga kalahok. Ito rin ay ginamit upang maipahayag ang iba't ibang aspeto ng pananaw sa nasabing pag-aaral (Boyatzis, 1998).

Sa pagsasagawa ng *Thematic Analysis*, ang pangunahing tema ay ibinatay ng mga mananaliksik sa mga inilalahad na layunin ng pag-aaral. Kasunod nito, ang mga kaugnay na konsepto o *sub-themes* ay inuri at sinuri. Pinagsama-sama ang mga datus na may magkakatugma at magkakaugnay na ideya. Muling sinuri ang mga temang nabuo upang masigurong nasa angkop na tema ang bawat datus. Ang mga impormasyon at datus na nakalap mula sa mga kalahok ay inihayag batay sa pagsusuri at interpretasyon ng mga mananaliksik.

Resulta at Talakayan

Ang pamahiin o *superstitious belief* ay mga paniniwalang hindi naipaliwanag ng agham. Ang pananatili nito sa ating lipunan ay bunga ng patuloy na pagsunod at paniniwala ng mga tao. Ayon kay Whitbourne (2014) kabilang sa mga *superstitious behavior* ay ang paggawa ng mga ritwal na nagbubunga ng ninanais o inaasahan mong kalabasan ng isang bagay o pangyayari. Dagdag pa niya na ang mga paniniwalang ito ay maaring ipaliwanag ng simpleng *reinforcement process*. Kung magkagayon, ang pamahiinay nananatili kung ang isang gawi ay nagbubunga ng kanyang inaasahang pangyayari. Sa pamamagitan nito, ang ugnayan ng gawi at bunga o kinahinatnan ay napagtibay kaya naman paulit-ulit itong ginagawa.

Sa ginawang pagsusuri ng mga datos, may anim na temang nabuo at ito ang mga sumusunod: (1) Mga pamahiing nananatili

sa bawat henerasyon; (2) Paghahambing sa pagtanggap at pagsunod sa pamahiin ng bawat henerasyon; (3) Dahilan sa pagtanggap o hindi pagtanggap sa pamahiin; (4) Dahilan sa pagsunod at hindi pagsunod sa pamahiin; (5) Mga epekto at naitulong ng pamahiin; at (6) Pagbabago sa istraktura ng pamahiin. Ang bawat tema ay kinapapalooban ng mga kaugnay na konsepto o *sub-themes*.

MGA PAMAHIING NANANATILI SA BAWAT HENERASYON

Sa pag-aaral na ito, ang mga itinuturing na pamahiing nananatili ay yaong mga pamahiing patuloy na nabanggit ng mga kalahok mula sa henerasyong X, Y, hanggang Z. Ang mga pamahiing ito ay naiuri sa tatlong grupo at ito ang mga sumusunod: (1) Pamahiin tungkol sa gabi na may kabuuang bilang na 104,(2) pamahiin

tungkol sa patay na may kabuuang bilang na 89, at (3) pamahiin tungkol sa pag-aasawa at pagpapakasal na may kabuuang bilang na 24. Sa bawat kategorya o *sub-theme* ay naglalahad ng tatlong pinakamataas na bilang ng mga pamahiing palagiang nababanggit ng mga kalahok.

Pamahiin Tungkol sa Gabi

Ang kategoryang ito ang nakakuha ng may pinakamataas na bilang ng tugon mula sa tatlong henerasyon. Ang mga pamahiin na pinapalooban ng mga konseptong maiugnay sa gabi ang nagtala ng pinakamataas na bilang ng mga pamahiing nabanggit. Sa Talahanayan 1 makikita ang talaan ng tatlo sa mga madalas na nababanggit na pamahiin ng mga kalahok na may kaugnayan sa gabi.

Talahanayan1. Tatlong Pinakamataas na Pamahiin tungkol sa Gabi.

| Pamahiin | Henerasyon X | Henerasyon Y | Henerasyon Z | Kabuuang Bilang |
|---|-----------------|-----------------|-----------------|--------------------|
| 1. Bawal magwalis o ilabas ang ang mga winalis kapag gabi na. | 10 | 24 | 25 | 59 |
| 2. Bawal magputol ng kuko kapag gabi na. | 0 | 6 | 9 | 14 |
| 3. Bawal bumili ng asin kapag gabi na. | 3 | 5 | 2 | 9 |

Kung mapapansin, ang mga pamahiing nabanggit sa talahanayan1 ay nagpapakita ng mga bawal gawin kung gabi na. Ayon sa mga kalahok ipinagbabawal ang mga gawaing ito sapagkat ito ay maaaring magdulot ng pagkawala ng swerte at pagdanas ng kamalasan.

Sinasabing ang pagwawalis at paglalabas ng mga basurang winalis sa gabi ay nagdulot ng kamalasan sapagkat parang inilalabas na rin sa pamamahay ang swerte. Ang pagpuputol naman ng kuko ay magdulot ng sakit o kamatayan sa miyembro ng pamilya. Ang pagbili ng asin ay iniuugnay sapagkatunaw o kawalan ng halaga nito. Ayon sa mga kalahok:

Kapag nagwawalis ka lalo na kapag gabi, hindi daw dapat, pag magwalis di daw dapat ilabas yung mga dumi na nanggaling sa loob ng bahay kasi nga malas daw yon, at saka nagpapataboy yun ng swerte (Y1)

Narito naman ang mga pamahiin tungkol sa pagpuputol ng kuko

Kapag nagputol ng kuko sa gabi, isa sa family yung mamamatay (Y39)

Kapag may nagputol ng kuko ay may magkakasakit ng malala sa kapamilya (Z19)

Ipinagbabawal din ang pagbili ng asin dahil *Bawal din daw bumili ng asin sa gabi, kasi may tindahan kami kaya hindi kami nagbebenta ng ganun kasi matutunaw daw yung asin... nung bata ako nakikita kong natutunaw talaga siya. (Y40)*

Mapapansin na ang pagwawalis at pagpuputol ng kuko ay may kinalaman sa kalinisan at ang kahihinatnan nito ay may kaugnayan sa kabuhayan at buhay ng mga tao. Samantala, ang asin na isa sa pangunahing sangkap sa pagluluto, itinuturo lamang na ang mga mahalagang bagay ay hindi dapat pabayaang maubusan o mawalan.

Ang dulot nitong kamalasan sa mga hindi susunod ang pilit na iniwasan ng mga kalahok kung kaya naman pinipili nilang sumunod. Karaniwan na ang takot sa maaaring kahinatnan ng kanilang pagdedesiyon ang nagiging dahilan ng kanilang pagsunod. Tulad na lamang sa pagwawalis, sinasabing ayaw ng karamihan na maghirap o makaranas ng kahirapan. Gayun din walang sinuman ang gugustuhinna masisi sa kamatayan o pagkakasakit ng kanilang kaanak dahil sa sila ay sumuway sa pamahiin. Ang mga nabanggit ay may kinalaman sa patuloy na pagpapanatili ng pamahiin.

Tunay nga na mahirap ihiwalay ang kultural na aspeto sa pagpapaliwanag ng pamahiin sapagkat ang pamahiin ay hindi makakailang kadikit na ng kulturang Filipino kaya naman hindi na nakapagtataka kung bakit ito nananatili. Makikitang malaki ang kinalaman ng kulturang kinalakihan sa paghubog ng paniniwala ng isang tao lalong-

lalo na kung ito ay naging kaugalian na ng isang pamilya. Sa madaling sabi, dahil sa kulturang kinalakihan ng bawat kalahok ay nagkaroon ng pagpapasa ng pamahiin sa bawat henerasyon. Kung ating susuriin, ang mga pamahiing tungkol sa gabi ay ang mga pamahiing ginagawa sa loob ng isang tahanan. Ang palagian pagbabanggit sa mga pamahiing ito ang nagiging daan upang matatak ito sa isipan ng mga nakababata kaya naman madali nang maiugnay ang kanilang karanasan sa mga pamahiin. Tunay na malaki ang ginagampanan ng paniniwala at impluwensya ng nakatatanda sa pananatili ng pamahiin. Gaya na lamang ng sinabi ng mga kalahok:

Sa magulang ko rin, sabi rin sa kanila ng magulang nila.(Z19)

Kasi yun yung sabi sa akin nang parents ko ay nang lola ko kasi sila yung nakaka-impluwensya sa akin.(Z18)

Pamahiin Tungkol sa Patay

Pangalawa sa nakakuha ng pinakamataas na bilang ng tugon mula sa mga kalahok ay ang mga pamahiing may kaugnayan sa patay. Sa Talahanayan 2 nakatala ang tatlo sa mga madalas na nababanggit na pamahiin na may kaugnayan sa patay.

Talahanayan 2. Tatlong Pinakamataas na Pamahiin tungkol sa Patay.

| | Pamahiin | Henerasyon | Henerasyon | Henerasyon | Kabuuang Bilang |
|----|--|------------|------------|------------|-----------------|
| | | X | Y | Z | |
| 1. | Bawal magwalis kapag may patay. | 10 | 5 | 7 | 22 |
| 2. | Bawal maligo ang namatayan sa bahay na pinagbuburulan. | 6 | 6 | 6 | 18 |
| 3. | Kapag galing sa patay, kailangang magpagpag muna bago umuwi. | | 5 | 5 | 13 |

Bagaman hindi araw-araw nangyayari ang kamatayan sa isang pamilya, ang pamahiin tungkol sa patay ay nanatili parin sa bawat henerasyon. Ang mga pamahiing nabanggit ng mga kalahok patungkol sa kamatayan ay

nagsasaad ng mga dapat at hindi dapat gawin upang maiwasan ang malas sa buhay. Ang malas na tinutukoy dito ay iniugnay sa pagkakaroon ng sakit at kamatayan. Ito ay ayon na lamang sa sinabi ng kalahok:

Huwag daw maliligo pag may patay kasi ang mangyayari baka may magkasakit sa family. Pag nakaburol sa bahay ninyo it's either sa kapitbahay ka maligo kasi kung hindi, ikaw yung magkakasakit, merong... isa sa member ng family niyo ang magkakasakit. (Y6)

Malinaw na naipapakita dito ang likas na takot ng mga tao sa kamatayan at maging sa usapin ng kalusugan. Dahil ang mga pamahiin tungkol sa patay ay iniuugnay sa kamatayan, ang pagsunod dito ay nagiging paraan ng pangangalaga sa buhay at kalusugan ng mga namatayan at dumalaw sa patay. Karagdagan pa rito, marami ang naniniwala sa *supernatural elements* o mga kaluluwa. Ang usaping ito ay nagdudulot ng ibayong takot sa isang tao kaya naman marami ang nagnanais na iwasan ito. Ayon sapahayag ng isang kalahok:

Halimbawang galing ka sa burol, pag galing ka sa libing, huwag na huwag kang uuwi agad ng bahay niyo kasi susunod daw ang kaluluwa nung namatay or it's either kung uuwi ka, maglagay ka, magpahid ka ng ano..ng kalamansi, dahon ng kalamansi sa katawan mo. Para hindi sumunod yung kaluluwa ng patay and para hindi rin magkasakit yung pamilya mo.(Y6)

Samantala, napansin lang ng mga mananaliksik na karamihan sa mga kalahok na nagbanggit patungkol sa pamahiin sa patay ay hindi alam ang dahilan at maaaring kahinatnan ng mga pamahiing sinusunod. Pinili na lamang ang sumunod sa kabila ng kapos sa kaalaman tungkol dito sapagkat ayaw na nilang makipagsapalaran pa.

Pamahiin Tungkol sa Pag-aasawa at Pagpapakasal

Isa rin sa mga pamahiing malimit na nababanggit ng mga kalahok ay ang mga pamahiing nauugnay sa pag-aasawa at pagpapakasal.

Talahanayan 3. Tatlong Pinakamataas na Pamahiin tungkol sa Pag-aasawa at Pagpapakasal.

| Pamahiin | Henerasyon X | Henerasyon Y | Henerasyon Z | Kabuuang Bilang |
|--|-------------------------|-------------------------|-------------------------|----------------------------|
| 1. Bawal isukat ng babae ang kanyang <i>wedding gown</i> bago ang kasal. | 6 | 5 | 3 | 14 |
| 2. Bawal magkita ang groom at bride bago ikasal. | 0 | 2 | 2 | 4 |
| 3. Bawal magpakasal sa loob ng iisang taon ang magkapatid (sukob). | 1 | 2 | 0 | 3 |

Ang mga pamahiin tungkol sa pagpapakasal o pag-aasawa ay nananatili pa rin hanggang ngayon sa kabila ng kakapusan ng paliwanag tungkol dito. May mga kalahok ang nakakaalam nito ngunit walang sapat na kaalaman sa sinasabing kahihinatnan ng pagsunod at hindi pagsunod dito. Tulad na lamang ng isang kalahok na nagsabing:

Tapos sa ikakasal naman, diba bawal magkita yung bride pati yung groom tsaka bawal isukat yung gown diba. Yun...hindi ko rin alam kung para saan yung pamahiin na yun eh, basta yun. (X1)

Sa kabilang dako, ang kadalasang dahilan ng mga kalahok sa pagsunod o pag-iwas sa mga pamahiin ay dahil nagdudulot ito ng kamalasan sa buhay. Kung susuriing mabuti, ang mga inilahad na pamahiin ay nagsasabi ng mga panuntunan sa tamang gawi sa paghahanda sa kasal. Ang pagsusukat ng *wedding gown* at pagkikita ng *bride* at *groom* ay iniuugnay sa hindi pagkatuloy ng magaganap na kasalan, samantalang ang pagpapakasal ng *sukob* ay iniuugnay sa kamatayan.

Ang pagpapahalaga sa isang maayos na kinabukasan ng bubuuing pamilya ang

nagiging daan upang hindi sumuway sa mga panuntunang sinasabi ng pamahiin. Ninanais ng magkatipan na magsisimula pa lamang ng bagong buhay ang isang magandang buhay may-pamilya. Kaya naman, hindi nila magawang ipagsapalaran ang kinabukasan sa hindi pagsunod sa pamahiin. Takot sa isipan nila ang nagiging daan ng pagsunod na nagpapanatili ng mga nabanggit na pamahiin. Maaari nating sabihin na handang gawin ang lahat ng mga Pilipino para lang maiwasan ang mga negatibong epekto nito na makasisira sa kasalang mangyayari.

Sa kabuuan ng temang ito, nasuri ng mga mananaliksik na ang pamilya ang may pangunahing kinalaman kung bakit nananatili parin ang mga pamahiin tungkol sa gabi, pamahiin tungkol sa patay, at pamahiin tungkol sa pagpapakasal o pag-aasawa. Ang mga Filipino ay kilala bilang *familial* na ang ibig sabihin ay nakatuon ang pagkatao ng isang indibidwal sa relasyon niya sa kanyang pamilya (T.Andres, P. Ilada- Andres, 1987). Ayon kina Posadas at Fernandez, hindi maiiwasang maging malaking dahilan ang pamilya sa paghubog sa kaisipan ng tao sa paglipas ng panahon dahil dito nabubuo ang pagpapahalaga, paniniwala at mga pangarap ng isang


indibidwal. Ang pagkatuto at pananatili ng pamahiin ay maiuugnay sa pagpapahalaga sa pamilyang kinabibilangan. Hindi rin makakaila na ang pamilyang Filipino ay kilala sa katagang *strong family ties* na ang ibig-sabihin ay may matatag na relasyong pampamilya. Sa tawag pa lang ay masasabi nang ganoon katindi ang impluwensya ng pamilya sa pagkatao at pag-iisip ng mga Filipino gayundin ang pagbibigay halaga ng bawat Filipino sa pamilya kung kaya handa nitong gawin at paniwalaan ang lahat para lang mapabuti ang buhay ng bawat miyembro nito.

PAGHAHAMBING SA PAGTANGGAP AT PAGSUNOD SA PAMAHIIN NG BAWAT HENERASYON

Ipinakikita ng pigura 1 ang bilang ng mga kalahok sa tumatanggap at sumusunod sa pamahiin sa bawat henerasyon. Inilalahad ng mga datos na may pagbabago sa bilang ng mga kalahok na tumatanggap at sumusunod sa pamahiin sa henerasyon X at Z. Samantala, mayroon namang pantay na bilang ng pagtanggap at pagsunod ang mga kalahok na nasa henerasyon Y.

Figura 1.

Bilang ng mga kalahok na Tumatanggap at Sumusunod sa Pamahiin sa Henerasyon X, Y at Z.




Para naman sa bilang ng mga kalahok sa bawat henerasyon na hindi tumatanggap at hindi sumusunod sa pamahiin (pigura 2),

mayroong pantay na bilang ang nasa henerasyon Y. Samantalang sa henerasyon X at Z, may mas mataas na bilang ng

kalahok ang hindi pagtanggap kaysa hindi pagsunod.

Figura 2.

Bilang ng mga kalahok na Hindi Tumatanggap at Hindi Sumusunod sa Pamahiin sa Henerasyon X, Y at Z.



Sa henerasyon X at Z, makikita sa pigura 2 na may mas mataas na bilang ng mga kalahok ang sumusunod sa pamahiin kaysa sa mga tumatanggap. Nagpapakita lamang ito na sa kabila ng katotohanan na may mga kalahok na hindi lubusang tanggap ang mga pamahiin ay nananatili pa rin ang kanilang pagsunod dito. Ito ay pinagtibay ng pahayag na ito:

Hindi ako naniniwala pero noong nag board exam ako sinabihan ako ng mama ko na magsuot ng underwear na red kasi pampaswerte daw tapos ginawa ko naman. Kaming lahat ng board mates ko naka-underwear na red. Tapos nakapasa naman ako pero sa tingin ko hindi ako nakapasa dahil doon sa ginawa ko. (Y13)

Ang pagsasaalang – alang sakaniyang kinabukasan ang naging dahilan ng kalahok sa pagsunod sa pamahiin. Ang pangambang hindi mapagtagumapayan ang pagsususlit dahil sa hindi pagsunod sa pamahiin ang nagtulak sa kanyan na sumunod sa pamahiin. Ang pagsunod ay bunga ng hangaring hindi masisi at magsisi kung sakaling hindi maganda ang kahahantungan ng pagsuway sa pamahiin. Ngunit sa kabilang banda, napansin ng mga mananaliksik na kapag ang gawain ay may kaakibat na maganda at positibong resulta, hindi ito nangangahulugang maaari nang maniwala sa pamahiin. Dagdag pa rito ay hindi na ito naiuugnay sa pagsunod sa

pamahiin kundi sa sariling pagsisikap na lamang.

Ang usapin ng pagsunod sa pamahiin sa kabila ng hindi pagtanggap dito ay nagpapakita na ang mga kalahok ay nagnanais na magkaroon ng isang bagay na mapanghahawakan o makikitang dahilan ng mga pangyayaring ayaw nilang maisisi sa kanila. Ito rin ay nagpapakita ng kagustuhang magkaroon ng positibong pagtanggap mula sa pamilya na sa kabila ng personal na hindi paniniwala sa pamahiin ay sumusunod pa rin upang maituring na mabuti at magkaroon ng magandang imahe bunga ng kanilang pagsunod.

Dagdag pa rito, ang pagsunod ng mga kalahok sa pamahiin ay nagpapakita ng pagtugon sa ipinag-uutos ng mga nakatatanda sa kanila lalo na sa mga miyembro ng kanilang pamilya. Ang pag-uugaling ito ay maiuugnay sa pagpapahalagang mayroon ang mga Filipino para sa mga nakatatanda. Mababanaag mula rito ang pinahahalagahan ng mga kalahok, ay ang pagbibigay-galang sa mga taong alam nilang nakakataas at nakatatanda sa kanila. Sa kabila ng kawalan ng mga paliwanag kung bakit nararapat sundin ang mga pamahiin, mayroon pa ring positibong pagtugon ang mga kalahok tungkol dito.

Mapapansin sa dalawang pigura na mayroong pantay na bilang ang mga kalahok

na tumatanggap at sumusunod sa pamahiin sa henerasyon Y. Gayon din naman sa hindi pagtanggap at hindi pagsunod ditto. Ito marahil ay sa dahilang ang henerasyon Y ay nasa pagitan ng mga nakatakdang henerasyon pagbabatayan ng pananatili ng mga pamahiin. Ang henerasyon Y ay nasa pagitan ng mas naunang henerasyon kung saan ang mga kalahok ay nasa mas matatandang edad na hindi pa laganap ang sibilisasyon at ng makabagong henerasyon kung saan laganap na ang modernisasyon. Ang pantay na bilang ng pagtanggap at pagsunod ng mga kalahok sa henerasyon Y ay maaaring naimpluwensiyahan ng dalawang magkaibang henerasyon kung kaya't mayroon silang pantay na pagtugon sa mga ito.

DAHILAN SA PAGTANGGAP AT HINDI PAGTANGGAP SA PAMAHIIN

Ang usapin ng pagtanggap at pagsang-ayon sa pamahiin ay isa sa mga sentro ng pag-aaral na ito. Mula sa mga pananaw ng mga kalahok mababanaag ang sikolohiyang bumabalot sa pananatili ng pamahiin sa ating lipunan. Ito ay sa kabila ng patuloy na pag-inog ng panahon patungo sa isang lipunang nagbibigay-kiling sa siyantipikong pagpapaliwanag ng mga pangyayari sa kapaligiran. Ang bahaging ito ay magpapaliwanag sa usapin ng pagsang-ayon at pagtanggap sa mga pamahiin.

A. Pagtanggap sa Pamahiin

Ang pagkakaroon ng positibong pananaw ng mga kalahok tungkol sa pamahiin ang naging daan sa kanilang paniniwala dito. Sa bahaging ito mahahayag at maipapaliwanag ang mga dahilan ng pagtanggap at pagsang-ayon ng mga kalahok sa pamahiin. Ang paniniwala ng pamilya na kinalakihan, personal na karanasan, at kawalan ng negatibong epekto sa pagsunod sa pamahiin ang mga nabuong tema sa ilalim ng usaping ito.

Pamilya: Tulay sa Paniniwala

Ang pamilya ay itinuturing na daluyan ng mga tradisyong kinamumulatan ng bawat

miyembro nito. Ang tradisyong ito ang itinuturo ng mga kalahok na pinagmulan ng kanilang positibong pananaw sa pamahiin. Pinatotohanan ito ni kalahok Y37 na nagsabing naniniwala siya sa mga pamahiin sapagkat ang mga ito ay bahagi na ng kasaysayang ipinamana sa kanya ng kanyang mga ninuno at ito ay tradisyon na ng kanilang pamilya. Dagdag pa niya, nabuhay tayong may mga pamahiing ipinamanasa atin ng ating mga ninuno.

Dagdag pa rito, tanggap at naniniwala rin ang mga kalahok sa pamahiin sapagkat ang mga ito ay ginagawa nila sa kanilang mga tahanan. Ayon sa isang kalahok:

...naniniwala ako siguro kung ipepercent lang natin mga 80% yung paniniwala ko. Kasi nga yung Nanay ko naniniwala rin, yung Lola ko ganun rin. Siguro nadadala ko rin. Na-adapt ko rin. (Y1)

Isanasaad sa pahayag na ang paniniwala ng kalahok sa pamahiin ay masasabing *intergenerational* o naisalin mula sa mga nagdaang henerasyon kaya naman matibay at malalim na ang pagkakaukit nito sa kanyang kamalayan.

Ang pamilya ang tumatayong pinakamaliit na yunit ng lipunan ng mga Filipino. Ito rin ang nagbibigay daan sa pagbuo at pagpapanatili ng mga pagpapahalagang mayroon ang mga ito. Sa madaling sabi, ang paniniwala at pagtanggap sa mga bagay katulad ng mga pamahiin ay nagsisimula sa pamilyang kinalakihan ng mga kalahok. Ayon kina Andres at Andres (1987) ang pamilyang Filipino ay may awtoritaryang klase ng pamumuno. Nangangahulugan ito na ang mga alituntuning ipanatutupad sa loob ng pamilya ay nararapat na sundin ng bawat miyembro nito. Sinabi rin nilana ang pamumuno o ang awtoridad ay hindi nakabatay sa kasarian kundi sa edad ng nagpapatupad nito. Ang mga matatanda sa loob ng pamilya ay may kakayahan at karapatang mag utos at bilang nakababata, kailangang sumunod sa mga ito.

Ang kagastuhang magkaroon ng magandang imahe sa loob ng pamilya at ang makaramdam ng pagtanggap mula sa mga

taong kadugo ay maaaring nagbigay daan sa paniniwala ng mga kalahok sa pamahiin.

Sa kabila ng kawalan ng paliwanag ng mga nakatatanda sa pamilya, tanggap at pinaniniwalaan pa rin ni kalahok X1 ang mga pamahiin sapagkat ayon sa kaniya ay iyon ang sabi ng kaniyang Lola at ito ang pamahiin nila sa kanilang pamilya. Ito ay isang patunay na ang mga nakatatanda sa pamilya ay may kakayahang magpasunod sa mga nakababatang miyembro ng kanilang pamilya at ang mga nakababatang miyembro ay may tungkuling sumunod sa mga ito sa kabila ng kawalan o kakulangan ng pang-unawa sa mga bagay. Ang pag-uugaling ito ay nagpapakita na ang pamilya ay daan sa pagbuo ng paniniwala ng isang indibidwal at ito ay bahagi rin ng kanilang pagpapahalaga bilang tao.

Karanasan: Matibay na Katibayan

Ang mga pansariling karanasan ng mga kalahok ay naging daan tungo sa kanilang positibong pagtanggap sa mga pamahiin. Ayon sa kanila:

...dati kasi hindi ako naniniwala pero nangyari kasi sa amin, kaya naniniwala na din... mahirap kasi na... bago maniwala kapag nangyari na. (Y38)

Meron kasi kaming kamag-anak na nagkasukob sila sa isang taon na kinasal, merong namatay sa kanilang isa. Kaya yun naniniwala ako, experience na yun. (X32)

Ang mga salaysay ay nagpakita ng pagbabago sa paniniwala dulot ng pagiging saksi sa isang pangyayaring nag-uugnay sa pamahiin. Ito ang bumuo sa mga pansariling karanasan ng mga kalahok na siya namang humubog sa mga pinanghahawakan nilang paniniwala sa pamahiin. Ang konkreto o personal na pakikilahok ng isang indibidwal sa isang gawain ay nagdudulot ng pagkatuto. Ang mga karanasang ito ay nakaaambag sa pagbuo ng paniniwala na nagiging batayan nila ng kanilang pamumuhay.

Sinasabi rin na ang mga pamahiin ay bahagi na ng kulturang Filipino na pinagsama-samang karanasan ng ating mga ninuno (Andres at Andres, 1987). Nangangahulugan ito na ang mga pamahiin ay bahagi na ng kasaysayang mayroon ang

Pilipinas. Ang mga pamahiing personal na naranasan ng mga unang Filipino at ng mga kalahok ay itinuturing namatibay na katibayan upang ang pamahiin ay patuloy na patotohanan at panghawakan ng mga Filipino magpasahanggang ngayon.

“Walang Mawawala”: Gabay sa Pagsunod

Ilan sa mga kalahok na nagpahayag ng positibong pananaw tungkol sa pamahiin ay may dahilang *kasi wala naman pong masama kung maniniwala, wala namang mawawala. (Z3)* at *Hindi naman kasi masama na maniwala at gawin yun. Para sa akin wala namang mawawala. (Y30)*.

Ang mga tao ay may likas na kakayahang gumawa ng mga bagay na sa tingin nila ay hindi magdudulot ng kasamaan at kapahamakan. Ayon kay Andrews, 2010, ang mga tao ay biniiyayaan ng kalayaang mamili o *free will*. Ang mga kalahok, bilang mga karaniwang tao ay nagpapakita ng kanilang kalikasang pumili ng mga bagay na sa tingin nila ay mabuti at tama. Nakikita ng mga kalahok ang pamahiin bilang isang bagay na hindi magdudulot ng kasamaan kung kaya naman ay pinili nila itong tanggapin at paniwalaan.

Isa ring dahilan ng mga kalahok ay dahil wala namang mawawala sa kanila kung tatanggapin at paniniwalaan nila ang mga pamahiin sapagkat ang mga ito ay hindi naman makababawas sa kanilang pagkatao. Ayon sa kalahok

hindi naman kasi masama na maniwala at gawin yun. Para sa akin wala namang mawawala sa akin eh. (Y30)

Hindi nakakabawas ng pagtingin nila sa kanilang mga sarili ang pagtanggap ng mga bagay katulad ng pamahiin dahil upang tanggapin nila ang usapin ng may positibong pananaw.

B. Hindi Pagtanggap sa Pamahiin

Sa kabilang banda, mayroon din namang mga kalahok ang nagpahayag ng negatibong pananaw tungkol sa usaping pamahiin. Sila ay nagbigay ng kani-kanilang dahilan kung bakit negatibo ang kanilang pagtanggap sa usapin.

Pananampalataya sa Diyos: Pananalig at Paniniwala

Isa sa mga dahilan kung bakit may negatibong pananaw ang mga kalahok tungkol sa usapin ng pamahiin ay dahil sa kanilang matibay na pananampalataya sa Diyos. Sinabi nina kalahok Z11 at X2 na mas pinaniniwalaan nila ang Diyos bilang Siyang nagpapatakbo ng kanilang buhay at hindi ang mga pamahiin. Dagdag pa ni kalahok X2:

Parang hindi tama para sa akin. Yun yung aking reason kasi doon ako naka based kay Lord... Ano ako eh, through God ako eh. (X2)

Naniniwala ang mga Filipino sa Diyos bilang sentro ng kanilang mga gawain sa buhay. Bukod sa pamilya, isa rin sa pagpapahalaga ng mga Filipino ay ang kanilang pananampalataya. Kasama sa mga aral ng magulang ay ang paniniwala at pagtitiwala sa Diyos. Pinalaki ang mga Filipino na may takot sa Diyos kung kaya naitatak na sa kanilang isipan na Siya ang tanging nakakaalam ng kapalaran ng buhay sapagkat Siya rin ang nagbigay ng buhay sa Kaniyang mga nilalang sa mundo. Ang mga turo at pangaral na kasabay ng paglaki ay nagiging daan sa pagbuo ng paniniwala ng mga kaalahok.

Relihiyon: Humuhubog ng Paniniwala

Ilan sa mga kalahok ang may negatibong pananaw tungkol sa pagtanggap sa usaping pamahiin. Ito ay dahil sa kanilang mga relihiyong kinabibilangan. Ayon sa isang kalahok, hindi niya tanggap ang mga pamahiin sapagkat hindi ito laman ng kanilang Bibliya. Dagdag pa niya:

Tignan mo sa Bible, hindi naman sinabi na ganun (gawin ang pamahiin). Kaya hindi ako naniniwala doon. (Y7)

Ang mga kasulatan ng simbahan ay may malaking bahaging ginagampanan sa paniniwala ng mga Filipino. Ang relihiyon ay isa lamang sa maraming paraan ng pagpapakita ng pananalig sa Panginoon kung kaya ay mas minabubuti ng mga kalahok na sundin ang mga kautusan nito na

nailalahad sa mga kasulatan at aral ng simbahan.

Ang paniniwala ng mga kalahok ay lubos na naapektuhan ng kanilang relihiyon kinabibilangan. Ilan sa mga kalahok ang nagsabing naniniwala sila sa pamahiin noon, ngunit ng sila ay sumapi sa bagong relihiyon ay nagbago rin ang kanilang pananaw tungkol sa usapin. Ayon sa isang kalahok:

Nung Catholic pa... syempre kasi yun ang paniniwala namin. Pero ngayon useless na, useless na. Hindi na ako Catholic, Iglesia ni Cristo na ako, hindi na ako naniniwala...hindi na kami naniniwala kasi nasa Bible naman wala naman yang mga pamahiin na yan. Wala yan sa amin. (X1)

Ang paniniwala ay maaaring magbago depende sa itinuturo ng mga maipuwensiyang grupo katulad ng simbahan at relihiyon. May posibilidad na ang mga tao ay may likas na desisyong sumunod sa mga itinuturo ng kanilang kinabibilangang grupo sapagkat kaakibat ng kanilang pagpapasakop dito ay ang kanilang tungkuling sundin ang mga pinag-uutos at pinaniniwalaan nito.

Agham na Nagpapatunay: Kawalan ng Batayan

Isa rin sa mga dahilang nabanggit ng mga kalahok ang kawalan ng batayan o patunay ng mga pamahiin kaya naman negatibo ang kanilang pananaw tungkol sa pagtanggap nito. Sinabi ng mga kalahok na walang kaugnayan sa buhay ang mga pamahiin sapagkat ang mga ito ay walang siyentipikong pagpapaliwanag at wala itong batayan (Kalahok Y26 at X23.)

Kinakailangan ng mga patunay upang tanggapin at paniwalaan ang isang bagay. Ang paniniwala ng mga kalahok sa mga bagay sa kanilang paligid ay nakadepende sa mga datus na pinapagtibay ng siyensya at pag-aaral. Sinasabing ang mga pamahiin ay mga paniniwalang dahilan ng pangyayari sa ating mundo na walang mga basehan. Upang maging siyentipik ang isang bagay, kinakailangan ang mga ito ay may naobserbahang pangyayari. Ang mga kalahok ay hindi naniniwala sa pamahiin dahil sa kawalan nito ng mga katibayan.

Personal na Karansan: Matibay na Patunay

Ang mga personal na karanasan ng mga kalahok ay nakakatutulong sa pagbuo ng mga paniniwalang mayroon sila. Ngunit kung ang mga karanasang ito ay taliwas sa inaasahang kahihinatnan, nagdudulot ito ng hindi paniniwala sa isang bagay. Ayon sa isang kalahok, ginagawa naman niya ang mga ipinababawal ng mga pamahiin ngunit ang mga ito ay hindi naman nagdudulot ng kamalasan sa kanyang buhay o walang nangyayari sa kanya

Kasi based din talaga sa mga experience ko, hindi rin talaga siya nagyayari. Kasi tulad ng sa itim na pusang tumatawid, ilang beses na akong nakaexperienced noon tapos wala din. Saka tulad nung kapag magwawalis ka... malas. Wala rin. Tapos yung sa pagbubuntis, naranasan ko rin magbuntis, naranasan ko rin maglagay ng tuwalya sa balikat, umupo sa pinto... mga ganun, wala namang epekto sa akin nung nanganak ako. (Y33)

Ang mga bagay na hindi napatunayan gamit ang sariling karanasan ay may maliit na posibilidad na paniwalaan at tanggapin. Ang kalahok ay may negatibong pananaw sa pagtanggap sa pamahiin sapagkat sa ilang ulit niyang karanasan patungkol dito, hindi naman nangyari sa kaniya ang mga sinsabing mga kahihinatnan nito.

Ayon sa teorya ni Ivan Pavlov na Classical Conditioning, ang mga tao katulad rin ng mga hayop ay natututo dahil sa paulit-ulit na pagkaranas ng mga bagay na kalaunan ay humahantong sa pagkakundisyon ng kanilang mga isip sa mga pangyayaring ito. Nangangahulugan ito na ang mga kalahok na nakaranas ng mga ipinagbabawal na pamahiin ngunit hindi nakaranas ng mga kaakibat nitong kaparusahan ay nakondisyon na. Sa kabila ng paggawa nila ng mga bawal na gawain ayon sa pamahiin, alam nilang walang masamang mangyayari sa kanila dahil nagawa na nila o naranasan ang mga ito ngunit walang nangyari sa kanila. Ang

karanasang ito ay nakaapekto sa kanilang pagtanggap sa pamahiin.

Makabagong Panahon, Iba sa noon

Dahil sa modernisasyon at patuloy na pag-inog ng mundo, marami ng bahagi ng ating kultura ang nabago. Kasama na rin sa pagbabagong ito ang paniniwala at pagtanggaap ng mga Filipino sa mga pamahiin. Ayon sa mga kalahok, hindi na sila naniniwala sa pamahiin dahil iba na ang panahon natin ngayon. Mayroon na tayong sibilisadong lipunan at ang mga mamamayan ay mayroon nakapag-aral na. Sa makabagong panahon, lahat ng bagay ay nabibigayang paliwanag ng siyensa at agham. Ang alin mang bagay na hindi naipapalawinag gamit ang mga siyentipikong pagpapaliwanag, katulad na lamang ng pamahiin ay itinuturing na walang batayan.

Ang paniniwalasa pamahiin ng mga kalahok ay kaalinsabay ng panlipunang pagbabago. Nakaayon sa pag-usbong ng mga teknolohiya at pag-unlad ng mga pag-aaral ang pagtanggap at paniniwala ng mga kalahok sa isang bagay tulad ng pamahiin. Sapagkat sinasabing walang batayan ang mga pamahiin kung kaya ang mga ito ay hindi na pinaniniwalaan. Ang mga Filipino sa makabagong panahon ay may mapanuring isip na dahil na rin sa mga pag-aaral at edukasyong kanilang tinatamasa. Ang mapanuring pag-iisip na ito ay kanilang ginagamit sa pagtimbang ng mga bagay na kanilang pahahalagahan at paniniwalaan.

Paniniwala ng Pamilya: Malaking Impluwensiya

May mga kalahok na may negatibong pananaw tungkol sa pagtanggap sa pamahiin ay nagmula rin sa mga pamilyang hindi naniniwala at tumatanggap sa usapin. Ayon kay kalahok Y11, hindi niya tanggap at pinaniniwalaan ang mga pamahiin sapagkat bata pa lamang sila ay sinasabi na ang mga pamahiin ay hindi totoo at hindi bawal gawin.

Sinasabi ngang ang pamilya ay may malaking gampanin sa pagbuo ng mga

pagpapahalagang mayroon ang isang indibidwal (Andres at Adres, 1987.) Ang mga gawaing nakasanayan ng gawin sa loob ng tahanan ay nagiging bahagi ng pagkatao ng mga Filipino.

Hindi kasi ako lumaking may Nanay o Lola na nagsasabing bawal-bawal. So ayon, kaya hindi ako naniniwala. (Y2)

Ang mga sinabi ng mga nakatatanda ang siyang nagsisilbing tama sa mata ng mga bata kung kaya ang mga ito ang mas pinaniniwalaan. Kilala ang mga Filipino sa pagkakaroon ng pamilyang pinamumunuan ng mga nakatatanda kung saan ang mga utos at aral ng mga magulang ay lubos na pinahalalagan hanggang sa kasalukuyan.

DAHILAN SA PAGSUNOD AT HINDI PAGSUNOD SA PAMAHIIN

Matapos ang pagsusuri sa mga datos na nakalap sa pakikipagkwentuhan sa mga kalahok, nakabuo ang mga mananaliksik ng mas maliit na tema na mas magpapaliwanag sa mga temang nabuo. Nahati ang mga ito sa positibo at negatibong pag-uugali tungkol sa usapin ng pamahiin. Ang pag-uugaling tinutukoy sa bahaging ito ay nagpapakita ng pagsunod o hindi pagsunod ng mga kalahok sa pamahiin.

A. Pagsunod sa Pamahiin

Nakapaloob dito ang mga dahilan ng mga kalahok sa kanilang positibong pag-uugali tungkol sa pamahiin. Ito ay nagpapakita ng kanilang mga dahilan sa pagsunod sa pamahiin.

Pagsunod: Walang Masamang Dulot

Katulad sa paniniwala sa mga pamahiin, sinusunod rin ng mga kalahok ang pamahiin sapagkat wala silang nakikitang masama sa pagsunod sa mga pamahiin. Sinabi ng mga kalahok na ayos lamang sundin ang mga ito dahil wala namang mawawala sa kanilang sistema kapag sinusunod nila ang mga ito. Nakikita nila ang pagsunod sa mga pamahiin bilang isang gawaing hindi magdudulot ng kasamaan sa kanilang buhay.

Parang hindi naman siya mabigat sa kalooban or hindi mabigat para sa akin na

sundi kaya sinusunod ko na lang. I mean ano bang harm na maidudulot sa akin kung susundin ko siya diba? So parang kahit hindi siya scientifically proven ... sinnusunod ko siya. (Y5)

Walang naidudulot na negatibong pakiramdam ang pagsunod sa mga pamahiin sa mga kalahok kaya ang pagsunod dito ay hindi mahirap para sa kanila. Nangangahulugan lamang na ang pagsunod sa mga bagay o gawain ay may kinalaman sa sikolohikal o emosyonal na mararamdaman ng isang indibidwal. Ang mga gawaing nagdudulot ng hindi kaaya-ayang pakiramdam ay may posibilidad na hindi gawin at sundin.

Pamilyang Kinalakihan: Batayan ng Kaugalian

Ang mga magulang na sumusunod sa mga pamahiin ay may mga anak ding sumusunod sa pamahiin. Ang mga kalahok na lumaki sa pamilyang sumusunod sa pamahiin ay may positibong pag-uugali patungkol sa pamahiin.

Siguro kasi nakasanayan simula bata sinasabi na yan. Atsaka yung tinatawag na pag naimprint na sa iyo yung ganoong paniniwala. Kasi nga mula pagkabata binabawal na sa inyo sa pamilya. (Y12)

Sa Pilipinas, ang pamilya ang sentro ng lahat ng pagpapahalaga at kaugalian (Davis Media, 2003). Matindi ang pagpapahalaga ng mga Filipino sa kanilang pamilya. Kaakibat ng pagpapahalagang ito ay ang pagsasabuhay ng mga gawaing mayroon ang pamilya kahit na wala ang mga magulang. Ayon sa isang kalahok, ginagawa at sinusunod niya pa rin ang mga pamahiin kahit wala ang kaniyang mga magulang dahil nakasanayan na niya ang paggawa ng mga ito at naging bahagi na ng kaniyang sistema.

Pagsunod sa Nakatatanda

Ayon sa mga kalahok, ang mga pamahiin ay sinusunod nila bilang paggalang sa mga nakatatanda. Karamihan sa kanila ang nagsabing ang mga pamahiing alam nila ay nagmula sa kanilang mga magulang, Lolo at Lola at iba pang nakatatanda sa kanilang

pamilya. Ayon sa mga kalahok, sinusunod nila ang mga pamahiin dahil ang mga ito ay inuutos sa kanila at bilang daan na rin upang maiwasang mapagalitan at mapuna ng mga nakakatanda.

Sinusunod ko na lang yung mga pamahiin kasi sinabi ni Lola at Lolo. Alangan namang kontrahin ko pa. Edi away pa yun diba? Kaya magsunod ka na lang. (Y5)

Pinahahalagahan din ng mga kalahok ang pagbibigay galang sa mga nakakatanda sa kanila. Ang mga nakatatanda ay silang may mga awtoridad sa pamilya kung kaya ang mga utos nila ay hindi maaaring suwayin upang makaiwas mapagalitan. Sila rin ay ginagalang sa pamamagitan ng pagsunod sa pamahiin sa kabila ng hindi nila pagpapaliwanag kung bakit bawal suwayin ang mga pamahiin.

Pag-iwas sa Hindi Magandang Kahihinatnan

Marami sa mga kalahok ang nagsabing sumusunod sila sa mga pamahiin upang maiwasan ang mga maaaring kahantungan kung susuway sila. Katulad na lang ng pagwawalis sa gabi na sinsabing nagtataboy ng swerte. Ayon sa isang kalahok, sinusunod niya ang pamahiing ito dahil ayaw niyang maghirap at makaranas ng malas sa kaniyang buhay (kalahok Z1). Dagdag pa ni kalahok Z28, sinusunod niya ang mga pamahiin sapagkat natatakot siya sa pagsuway dito.

Ang mga kalahok ay sumusunod sa isang bagay dahil sa kaakibat nitong mga gantimpala at parusa. Ayon sa teorya ni BF Skinner, ginagawa ang mga bagay kung alam ng isang indibidwal ang kaniyang makukuha sa pag gawa nito. Ang mga pamahiin ay sinasabing may kinalaman sa mga malas at swerte sa buhay. Kapag hindi sinusunod ang mga pamahiin, inaasahan na ng mga kalahok na maaari silang magtamo ng kamalasan sa buhay. Sa madaling sabi, hindi kaaya-aya sa kanila ang pagtamasa ng kamalasan bilang parusa sa hindi pagsunod sa isang bagay kaya ay minamarapat nilang sumunod sa mga ito.

B. Hindi Pagsunod Pamahiin

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga dahilan ng mga kalahok sa negatibong pag-uugali ng mga kalahok tungkol sa pamahiin. Ito ay magpapakita ng kanilang mga dahilan kung bakit hindi nila sinunuod ang mga pamahiin.

Kawalan ng Batayan o Patunay ng mga Pamahiin

Katulad ng kanilang dahilan sa hindi pagtanggap sa pamahiin dahil wala itong siyentipikong batayan, hindi rin sinusunod ng ilang kalahok ang pamahiin dahil ang mga ito ay walang batayang pag-aaral na magpapatunay na ito ay totoo.

Sinasabi rin na ang mga pamahiin ay bahagi lang ng kulturang ipanasa ng mga ninuno at hindi napatunayan hanggang sa ngayon. Dahil dito, mahirap para sa mga kalahok ang sundin ang mga ito dahil wala silang konkretong batayang mapanghahawakan sa pagsunod nito.

Pananampalataya sa Diyos

Sinabi ng mga kalahok na hindi nila sinusunod ang mga pamahiin sapagkat ang buhay nila ay nakabatay sa kung paano patatakbuhan ng Diyos ang kaanilang buhay.

Wala naman yun eh, hindi naman yun dahil sa pamahiin para sumunod ka doon. Kung ano naman ang mangyayari si God naman ang magdidikta. (Z22)

Ang Diyos ang sentro ng pamumuhay ng mga Filipino na sinusupportahan naman ng kalahok dahil naniniwala silang ang Diyos din ang may hawak at nakakaalam ng kanilang kapalaran.

Taliwas ito sa kaugaliang Filipino na "bahala na" na ayon kay Vergilio Enriquez ay isang kaugalian ng mga Filipino na harapin ang anumang maaring maranasan at hindi pag-asa sa Diyos ng mga maaring maging takbo ng kanilang kapalaran. Ayon kay Enriquez, ang mga Filipino raw ay may lakas ng loob upang gumawa ng mga bagay na sa kabila ng hindi kasiguraduhang kahihinatnan ay sinusubok pa ring gawin at hindi naghihintay sa anumang plano ng Panginoon.

MGA NAGING EPEKTO NG PAMAHIIN

Gabay sa Buhay

Matapos alamin ang mga dahilan ng mga kalahok na tumatanggap at sumusunod sa pamahiin, anu-ano naman ang mga naging epekto at naitulong nito? Ang mga pamahiing kinalap ng mga mananaliksik sa mga kalahok ay tungkol sa malas at swerte. Kaya naman, bagaman wala itong agham na pagpapatibay, naging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng ilang mga tao sa panahon noon at ngayon ang pamahiin. Sinasabi ng ilang mga kalahok:

Meron ding nakakatulong kasi mag-ingat ka rin ba. Kapag aware ka na doon, mag-ingat ka kung yun yung kasabihan. Sabi mag-ingat sa mga ganun, aksidente rin ba (X32)

Iwas siguro sa ano, sa mga disgrasya, sa mga grasya na nasasayang, ganun (Y39)

Ah mas lalo pa akong nagiging maingat, lalo pa kong conscious sa mga ginagawa kong bagay, sa pagsunod ko sa mga bagay tulad ng pamahiin kasi yun nga, alam mong puwedeng may consequences na puwedeng mangyari. Hindi mo naman masasabi na mangyayari talaga o ano pero kumbaga nandoon ako sa parehong paano kaya kung sinunod ko at paano kung hindi. Kaya mas lalo po akong nagiging maingat lalo kung nagdadalawang-isip lagi kasi pinag-iisipan ko lagi yung mga gagawin ko dahil sa may mga ganun pamahiin (Z3)

Masasabi na maaaring nakikita ng mga kalahok ang mga pamahiin bilang isang gabay sa kanilang pang-araw-araw na gawain at pamumuhay. Ayon nga kay Jovina (2013), maging ang mga sinaunang Filipino ay may pinaniniwalaan ng mga pamahiin na karaniwan namang gabay nila sa pang-araw-araw na pamumuhay. Likas na sa tao ang maging maingat sa paligid at mga ginagawa nila. Kaya naman, upang matiyak ang kaligtasan ng isang indibiduwal, nagiging gabay nang iilan ang pamahiin sapagkat ito ay naglalayong mapabuti ang buhay ng tao sa pamamagitan ng swerte na maaaring dumating sa buhay ng tao, at sa pamamagitan ng pag-iwas sa malas at mga masasamang pangyayari. Gaya na lang ng sinabi ng mga kalahok:

Feeling ko kasi ang pamahiin related talaga siya sa malas at swerte... Iwas malas, ganun. Pang-iwas sa malas. Basta mostly kasi ng ipinagbabawal na naririnig ko is sa ano siya related sa, related talaga siya sa swerte o malas. (Y5)

...Parang maging okay lang din ang isang tao na may pamahiin... meron silang... meron silang sinusunod o kung ano man, hindi naman sinasabing batas, parang may sinusunod lang sila na galing sa mga matatanda na puwede nilang gawin kahit anong oras. Ganun (Y32)

Para sa akin yung pamahiin, minsan sa ikabubuti mo rin eh, wala namang pamahiin na ikasasama mo (X51)

Sa pamamagitan ng pamahiin, napag-iingat ng mga kalahok ang kanilang mga sarili sa mga bagay at pangyayari na hindi kanais-nais gayon din ang pag-iwas sa maaaring maging bunga o kahihinatnan ng isang gawain. Sinasabi na ang paniniwala sa pamahiin ay may kalakip na pag-asang mapabuti ang lahat ng bagay na nangyayari sa kapaligiran ng isang indibiduwal (ayon kay Hornedo bilang nabanggit nina Gonda at Malacapo, 2012)

Kapupulutan ng Aral

Karagdagan pa, ang pamahiin ay sinasabing kapupulutan din ng aral. Ayon sa mga kalahok:

Kasi yung ibang pamahiin may ano siya, may kasabay na parang disiplina rin... partly may parang disiplina siya na kasama (Z32)

...kumbaga respeto narin sa mga magulang, kasi dati dapat yung magulang natin sinusunod talaga natin, nagagalit kapag hindi. Di tulad ng panahon ngayon yung mga bata iba na (X45)

Bagaman nasa modernong panahon na, maituturing din na isang magandang pagkuhanan ng mabuting aral ang mga pamahiin sapagkat ang ilan sa mga ito ay nagpapakita ng respeto sa ibang tao o bagay gaya na lamang ng mga pamahiin tungkol sa patay at pagkain. Ayon pa sa isang kalahok, natutulungan siya ng pamahiin na maging isang mabuting anak:

Maging masunuring anak, kasi sila mama diba sinasabihan nila ako ng mga pamahiin

tapos sinusunod ko naman sila, kaya yun yung naitutulong ng pamahiin sa akin (Z37)
 Bilang isang tao, likas at mahalaga ang pagiging mabait, magalang, at masunurin upang maging mabuting anak at mamamayan. Sinasabi ni Grazia (2013) na ang mga kalidad ng isang mabuting anak ay ang pagkakaroon nito ng respeto at pagiging masunurin sapagkat ang mga magulang ay may mas higit na karanasan sa buhay at kanila nang masasabi kung ano ang makabubuti at makasasama. Samantala, ayon naman kay Fardin (2013), maliban sa respeto at pagiging masunurin, isa pang kalidad ay ang pagiging tapat sa magulang. Ang mga kalidad na ito sinasabing pangkalahatan at hindi kailanman mababago sa paglipas ng panahon at ng kultura. Karagdagan pa sa mapagpupulutang aral sa pamahiin ay:

Ano, minsan natututo kang magdesisyon sa bagay-bagay eh, lalo na kung yung mga pamahiin is nakabuti naman, like yun nga sabihin na lang natin na modern times na, oo nga naman nakakahiya naman kung iuwi mo pa yung mga galing sa lamayan na bagay. Parang sobra naman na yun, kumain ka na dun. (Y29)

Ano ba. Siguro ano, naitutulong? Siguro sa values. Kasi diba yung pag-obey sa matatanda. Doon kasi matetest yung pag-obey mo. Yung matatanda kasi ang daming pamahiin, lahat na lang ng gagawin mo may pamahiin, lahat na lang may bawal. Siguro doon talaga matetest yung pag-obey sa kanila. Values talaga. (Y40)

Self-regulation para pang regulate narin sa mga gagawin mo (Y40)

Sina kalahok Y29 at Y40 ay parehong naniniwala at sumusunod sa pamahiin. Bagaman moderno na ang panahon, hindi lamang nila iniuugnay sa malas at suwerte ang pamahiin kundi kanila rin itong binibigyang halaga bilang mabuting aral. Maliban sa malas at suwerte na maaaring maidulot ng pagsunod sa pamahiin, maaaring sabihin na ang pamahiin ay nakatutulong din upang masubukan o mahasa pa ang pagiging masunurin ng isang indibiduwal at upang magkaroon ng konsepto ng kahihyan sa sarili at higit pang respeto sa ibang tao ang isang indibidwal

pagdating sa paggawa ng mga bagay na dapat ay kaaya-aya sa nakararami o sa isang espisipikong tao, komunidad at pangyayari.

Positibong Pakiramdam

Ayon sa nabanggit kanina, ang pagsunod sa pamahiin ay may kalakip na bunga at ito ay maaaring makabuti o makasama sa isang tao. Kaya naman ang pamahiin ay maaaring magdulot ng mabuti at masamang pakiramdam sa isang indibidwal. Para sa mabuting naidudulot ng pamahiin, sinasabi ng ilang kalahok:

Parang magiging okay na yung lahat, parang ganun. Parang magiging safe ka na, parang magiging maganda na yung pakiramdam mo o yung ibang tao kapag ginawa nila yung pamahiin. (Y32)

Parang wala naman. Parang lubag-loob lang na may hind ako kunyare na ma... hindi ko nabasag yung salamin diba, ibig sabihin 7 years akong hindi mamalasin. Diba, wala namang masama. (Z17)

Nagiging balisa ang isang tao dahil sa may takot itong nararamdaman mula sa inaasahang masamang pangyayari. Subalit ang pagsunod sa pamahiin ay tiyak na makapagbibigay ng positibong pakiramdam sa isang indibiduwal sapagkat ito ay may inaasahang positibong bunga. Ayon sa mga nakalap na pamahiin, kalimitang naiuugnay sa salitang malas ay ang mga salitang “pagkabigo”, “problema”, “disgrasya”, “sakit” at “kamatayan”. Kaya naman ninanais din ng ilang mga kalahok na maiwasan ang ganitong mga pangyayari at sa pamamagitan ng pagsunod sa pamahiin, maaari nilang makamit ang sinasabing suwerte na kalimitan namang naiuugnay sa mga salitang “tagumpay”, “kapayapaan ng dadamin”, “pera”, “kalusugan” at “kaligtasan”. Karagdagan pa:

Siguro ano, sense of fulfilment tapos feeling na satisfied talaga na wala akong pagsisisihan. Kasi parang nai-incorporate ko rin siya sa effort. Kumbaga nagawa ko nang lahat, yung human ano ko, aspect na yun nga physically na ganun. Pero kino-consider ko parin yung mga beyond my control na parang what if magamit ko itong aspect na ito, baka sakali. (Y4)

Sa pamamagitan ng pagsunod sa pamahiin, maaaring maiwasan ng isang indibidwal ang pagsisisi dahil sa may negatibong bunga ang hindi pagsunod sa pamahiin. Sinasabi na kapag may inaasahang isang bagay na maaaring pagsisihan, ito ay magdudulot ng matinding damdamin na tutulong sa isang tao upang maiwasan ang mga posibleng panganib o peligro na mangyari (Dean, 2012). Kaya naman, upang maiwasan ang pagsisisi, nagsusumikap ang ilang mga kalahok na sundin ang mga sinasabi ng pamahiing kanilang alam at sa paraang ito, nagbabakasakali sila na mayroong suwerteng dumating o kaya naman ay makaiwas sa malas. Dagdag pa ni Kalahok Y4:

Fulfilling siya sa akin kasi pakiramdam ko pagnawala ko yung any doon sa kanila, mawawala yung luck ko sa academics or sa pag-aaral kaya yun.

Makikita rin na nagiging kasangkapan ang pamahiin sa pagbibigay ng dahilan sa mga bagay na maaring mangyari, mapabuti man o mapasama. Si Kalahok Y4 parehong naniniwala at sumusunod sa pamahiin. Sinasabi niya na ang pamahiin ay pawang nakadikit na sa kaniyang buhay. Dahil dito, ang paniniwala sa pamahiin ay maaaring magamit upang bigyang dahilan ang mga nangyari, nangyayari at mangyayaring mga bagay-bagay sa sarili at kapaligiran.

Negatibong Pakiramdam

Gaya ng sinabi kanina, hindi lamang puro positibong pakiramdam ang maaaring maibigay ng pamahiin sa tao. Ito rin ay may masamang naidudulot. Ayon sa ilang mga kalahok:

Kapag may pamahiin na hindi nasunod, nandun yung kaba mo. Parang kinakabahan ka, hindi ka makatulog. Iniisip mo na baka dumating yung panahon na baka mangyari yung consequence. (X33)

Ayon, syempre masama... pakiramdam mo may masamang mangyayari kasi nga yun yung sabi sa pamahiin. (Y36)

Bagaman ang malas na tinutukoy sa mga pamahiin ay may tiyak na matinding kahihinatnan kapag hindi ito nagawa o nasunod, maaaring ito ay maging dahilan

upang ang mga kalahok ay makaramdam ng kaba at pagkabalisa. Sinasabi na ang isang indibidwal ay may paniniwala na ang suwerte ay isa sa kanilang kalidad bilang tao at ito ay kanilang nang taglay at kontrolado (Darke, 1993; Darke & Freedman, 1997; Kramer & Block, 2010). Kaya naman, maaaring sabihin na ang tao ay may kakayahang kontrolin ang kanilang suwerte at kamalasan sa pamamagitan ng pagsunod sa pamahiin. Sa pamamagitan nito, hindi lamang kaba at pagkabalisa ang maaaring idulot ng hindi pagsunod sa pamahiin. Ayon pa sa ilang mga kalahok:

Parang... Parang hindi mapakali. Parang iniisip mo, hindi ka makatulog... 'Ay hindi ko nagawa yun baka kung anong mangyari sa akin'. Tapos yun minsan may nangyayaring hindi maganda. (X32)

Sa akin naman, hindi naman agad-agad nararamdaman. Mapapansin mo nalang siya sa mga sumunod na araw, na parang hindi na maganda yung nagyayari. Sa akin kasi minsan, sasabihin ng iba na natural lang magkasakit, pero maiisip mo rin ba na parang dahil doon kaya ka nagkakasakit. Nakakaguilty. (Y39)

Parang may dumadating na ano... parang hindi kanais-nais sa buhay mo, parang ganun... kapag hindi ko nasusunod yung pamahiin. (Y32)

Maaaring ang mga bagay-bagay na nangyayari sa isang tao, mabuti man o masama ay naihalintulad ng ilang mga kalahok sa pamahiin. Kaya maaaring sabihin na lahat o karamihan sa mga hindi magagandang pangyayari na nararanasan ng isang indibidwal gaya ng aksidente at pagkakasakit ay kanilang naiuugnay sa mga pamahiin lalo na kung mayroon silang hindi nasunod, alam man nila ito o hindi. Ayon sa Advanced Life Skills (2008), nabubuo ng isang indibidwal ang kaniyang paniniwala sa isang bagay sa pamamagitan kung papaano nila unawain ang kanilang mga namasdan at naranasan sa pagitan ng kanilang mga ginawa at mga pangyayari sa kanilang kapaligiran. Sabi nga ng isa pang kalahok:

Nagkakataon na nangyari pero hindi totoo... coincidence, ganun... Siguro nagkakataon minsan na nangyayari... Kasi diba kahit saan naman yun, meron silang

sinuway halimbawa sa pamahiin then nagkaproblema sila then minsan siguro naniwala sila doon sa pamahiin. (Y13)

Kaya kahit na walang batayan kung ang pangyayari bang naganap ay talagang sanhi ng hindi pagsunod sa mga pamahiin, kanila itong naiugnay sapagkat sila ay may kaalaman tungkol sa paniniwalang iyon.

Pamahiin bilang Batayan ng mga Pangyayari

Ayon sa mga naunang nabanggit nakikita ng ilang mga kalahok ang pamahiin bilang isang magandang paliwanag sa mga bagay na kanilang nararanasan lalo na sa mga pangyayaring hindi nila ganap na kontrolado. Sinasabi ng ilang mga kalahok:

Sabagay mabigat na tanong pero direct to the point, yung mga tao na naniniwala sa pamahiin yung mga taong hindi ka naman makasabi na sila'y bobo pero dahil sa kinagisnan at kinamulatan nila, nakatatak na yan sa utak nila. Para sa akin, dapat lang silang magsiyasat sa kung ano ang dapat nilang gawin.(X1)

Kasi 'di pa nila alam ang katotohanan.Hindi pa nila kilala ang Diyos.(X11)

Sa tingin ko, naniniwala sila parin sa pamahiin kasi wala pa sila... hindi pa sila knowledgeable kung ano ba talaga ang truth (Z13)

Kung mapapansin, madalas sa mga masasamang bagay na hindi kontrolado ng tao gaya na lamang ng aksidente, pagkakaroon ng malubhang sakit at kamatayan na hindi naman maiiwasang maranasan ay naipapasok ang usapin tungkol sa Diyos. Nang tanungin ng mga mananaliksik ang mga kalahok na tumatanggap o naniniwala at sumusunod sa pamahiin kung ang kanilang paniniwala ba rito ay sumasalungat sa kanilang paniniwala sa relihiyong kinabibilangan, ang lahat ay nagsabing “hindi”. Gayunman, nangangahulugan na maaaring ang ilang mga kalahok ay hindi buong naitatag ang kanilang paniniwala at pananampalataya sa Diyos, at kaalaman sa doktrina ng relihiyong kinabibilangan kaya maaaring naghahanap sila ng makapapaliwanag sa mga pangyayari at mangyayari sa kanilang sarili

at paligid. Sa pamamagitan ng pamahiin, nagkakaroon sila isang bagay na maaari nilang maging basehan sa mga pangyayaring nagaganap sa kanilang buhay. Ayon sa pag-aaral nina Whitson at Galinsky (2008), ang mga taong walang kontrol o hindi kontrolado ang isang sitwasyon ay nag-uudyok sa mga ito na magkaroon ng isang paniniwala na kanilang maaaring magamit upang magkaroon ng kontrol sa isang pangyayari. Dagdag pa, nabanggit kanina na ang ilang mga kalahok ay nagkaroon na ng personal na karanasan sa pagsunod sa pamahiin kaya nasabing ang pamahiin ay maaaring maging isang batayan sa mga nangyari na, nangyayari na at mangyayari pa lamang na mga sitwasyon sa pang araw-araw na pamumuhay ng tao.

MGA PAGBABAGONG NAGANAP SA PAMAHIIN

Sa mga pamahiin na patuloy pa ring na nanatili, nagkaroon ang mga ito ng iilang pagbabago. Halimbawa na lamang nang sinabi ng ilang mga kalahok tungkol sa pamahiing pagwawalis sa gabi:

Bawal daw magwalis pag gabi kasi yung grasya daw palabas. (X38)

Basta yun bawal magwalis sa gabi kasi malas daw. Nakakataboy daw ng swerte. (Y7)

Ay oo nga po.. Bawal magwalis sa gabi kasi parang nagtatapon ka ng salapi... parang ganun..parang nag-aano ng pera. (Z42)

Halimbawa po ano..pag gabi, bawal magwalis... Lalo na po yung kanin... Opo... kasi pag once daw po na winalis mo yun, yung ano daw po, yung gaba, kumbaga sa bisaya gaba..ano daw po uhm parang ano daw po.. yung hindi daw po papasok yung grasya sa inyo. (Z45)

Makikita na ang mga kalahok ay may kaniya-kaniyang dahilan kung ano ang maaaring maidulot ng pamahiin. Tulad na lamang ng sinabi nina Kalahok X38 at Y7 na ang pagwawalis sa gabi ay maaaring magtaboy ng swerte. Samantala, si Kalahok Z42 naman ay nagsabi ng espisipikong dahilan tungkol sa swerte. Sa kabilang banda, si kalahok Z45 naman ay nagsabi ng dahilan na tumutukoy naman sa pagdanas ng

kamalasan. Dagdag pa, mapapansin din na mayroon siyang binanggit na espisipikong bagay na hindi dapat walisin kung gabi habang sina kalahok Y7 at Z42 naman ay tumutukoy sa kabuuhan pagwawalis.

Kung mapapansin, nagkakaiba-iba ang mga nagiging kalalabasan o kinahihinatnan ng hindi pagsunod sa pamahiin. Nangangahulugan lamang na nagkakaroon ng iba't ibang interpretasyon at pagkakaintindi ang mga kalahok tungkol sa maaaring maging kahihinatnan ng hindi pagsunod sa mga pamahiin na nananatili. Karagdagan pa:

Yung wag magwawalis sa gabi ng... ng palabas ng front door, kailangan papasok..yung sa back door, dahil daw ilalabas yung... dahil kapag palabas, ilalabas daw yung swerte. (X35)

Bawal ka magwalis sa gabi... kasi mawawala daw yung swerte. (Z31)

Bawal magwalis sa gabi, kasi diba mamalasin daw, o kaya bawal magwalis na gamit yung walis tingting kasi nga yung mga spirits daw lalapit sayo. (Y33)

Bawal magwalis sa gabi... okay lang naman kahit na hindi mo ilabas. Ilabas mo lang din kinabukasan. (Y5)

Mapapansin na habang si Kalahok Z31 ay tumutukoy sa hindi pagwawalis sa buong gabi, si kalahok Y33 naman ay tumukoy ng espisipikong uri ng gamit pangwalis. Samantala, ayon naman kay Kalahok X35 na ang pagwawalis sa gabi ay maaaring gawin subalit nabanggit nito ang pagwawalis ay sa espisipikong direksyon lamang. Kagaya ng kay Kalahok X35, sinabi ni Kalahok Y5 na maaari ring magwalis sa gabi subalit hindi puwedeng ilabas ng bahay ang mga winalis hangat hindi pa umaga. Kaya naman, nangangahulugan lamang na ang mga pamahiing na nanatili ay nagkaroon ng pagbabago sa istraktura.

Konklusyon

Sa pag-aaral na ito, nabatid ng mga mananaliksik na ang mga pamahiin ay patuloy pa ring nabubuhay at nananatili sa ating lipunan sa kabila ng makabagong panahon. May iba't ibang kategorya at gamit ang mga pamahiin na naiuugnay naman sa

pang-araw-araw na pamumuhay. Dagdag pa rito, ang pagtanggap at pagsunod sa pamahiin ay lubos na naiimpluwensyahan ng pamilya, pananampalataya sa Diyos, relihiyon at agham. Ang mga ito ay may malaking naiaambag sa paghubog ng paniniwala at gawi ng isang indibidwal. Ang pagtanggap sa pamahiin ay hindi nangangahulugang ito ay may kalakip na pagsunod gayon din naman ang hindi pagtanggap sa pamahiin sapagkat ang pagsunod sa pamahiin ay naiuugnay lamang sa naibibigay nitong kahahantungan, mabuti man ito o masama. Lumabas din sa pag-aaral na mayroong sumusunod sa pamahiin sa kabila ng kawalan nito ng paliwanag kung bakit ito dapat sundin.

Ang mga kalahok ay may kani-kanilang opinyon at pananaw tungkol sa usaping pamahiin. Ito ay nakatutulong at nakaiimpluwensya sa kanila sa pag gawa ng desisyon at iba pang gawaing pagpapasya. Ang mga pamahiin din ay ginagamit bilang paliwanag o dahilan sa mga pangyayaring hindi kanais-nais o hindi kontroladong kaganapan sa buhay. Nagkakaroon din ng pagbabago sa istraktura ang pamahiin sa paglipas ng panahon.

Ang mga pamahiin na nananaatili ay may mga katangian na nagbibigay ng malaking pagbabago sa kaisipan, pag-uugali at damdamin ng bawat indibidwal. Lumalabas sa pag-aaral na ang uri ng pagtanggap at pag-uugali tungkol sa pamahiin ng ilang mga kalahok ay patuloy na nakakaapekto sa kanilang pamumuhay. Nagiging bahagi ito ng kanilang pagkatao sa pamamagitan nang kung papaano nila tingnan o bigyang paliwanag ang mga pangyayaring nagaganap sa kanilang buhay at maging sa buhay ng ibang tao.

Implikasyon

Ang pag-aaral na ito ay maaaring maging kapakipakinabang para sa Kulturang Filipino, Sikolohiyang Filipino at sa iba pang mga mananaliksik na interesado sa pag-aaral tungkol sa katutubong paniniwala at gawi ng mga Filipino.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, malalaman ang patuloy pang nabubuhay na kaugalian at paniniwalang mayroon ang Kulturang Filipino. Makikita rin ang mga pagbabagong naganap sa paniniwala ng mga Filipino tungkol sa pamahiin sa paglipas ng panahon.

Mas mauunawaan rin ang sikolohiya ng mga Filipino gamit ang pag-aaral na ito tungkol sa pagtanggap at pag-uugali ng mga Filipino sa mga bagay na hindi kayang bigyang paliwanag ng agham at mga likas na kaganapan sa kanilang paligid sa kabila ng kawalan nito ng patunay.

Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing basehan ng pagbuo ng iba pang pananaliksik. Maaaring alamin ang pinanggalingan ng pamahiin na alam ng mga kalahok ayon sa etnisidad na kanilang kinabibilangan.

Sanggunian

- Advanced Life skill.* (2008). Retrieved september 2015, from How your beliefs create your reality part 1.: <http://advancedlifefskills.com/blog/how-your-beliefs-create-your-reality-part-1/>
- Andres, T. D., & Ilada-Andres, P. B. (1987). *Understanding the Filipino*. New Day Publisher.
- Journalism Students of Bulacan State University.* (2014). Retrieved june 2015, from Simpleng Pamumuhay ng Sinaunang Panahon na Binago ng Kasalukuyang Henereasyon: <http://thecompactcreation.weebly.com/blog/simpleng-pamumuhay-ng-sinaunang-panahon-na-binago-ng>
- Gintong Aral.* (2015). Retrieved june 2015, from <http://www.gintongaral.com/mga-pamahiin/#>
- The Functionalist Perspective.* (2015). Retrieved from Boundless: <https://www.boundless.com/sociology/textbooks/boundless-sociology-textbook/sociology-1/theoretical-perspectives-in-sociology-24/the-functionalist-perspective-155-3284/>
- Battaglia, M. P. (2011). "Nonprobability Sampling". *Encyclopedia of Survey Research Methods*.
- Dean, J. (2012). *The Power of Regret to Shape Our Future*. Retrieved september 2015, from Psyblog understand your mind: <http://www.spring.org.uk/2012/01/the-amazing-power-of-regret-to-shape-our-future.php>
- Fardin. (2013). *What are the important qualities of a good son or daughter? Have these qualities changed or remained the same over time in your culture?* Retrieved september 2015, from TOEFL IELTS GMAT GRE SAT ESL Learning Communities: <http://www.testbig.c>
- Gonda, M. E., & Malacapo, e. a. (2012). *The Varsitarian: The Official Student Publication of the University of Santo Tomas*.
- Grazia, S. (2013). *"The characteristics of a good son or daughter in a family"*. Retrieved june 2015, from <http://lang-8.com/718451/journals/324258617648473221836390340226784268710>
- Holroyd, J. (2011). *Talkin' 'bout my Label*. Retrieved june 2015, from The Sydney Morning Herald: Life & style: <http://www.smh.com.au/lifestyle/diet-and-fitness/talkin-bout-my-label-20110720-1ho7s.html>
- Janet. (2014). *Pamahiin pagbuntis, pera, pag-ibig: Superstitions, Costum, Philippine Tradition*. Retrieved june 2015, from <http://www.buhayofw.com/blogs/blogs-filipino-language/pamahiin-pagbuntis-pera-pagibig-superstitions-customs-philippine--53e1a41bdca5f>
- Jovina, L. (2013). *Kulturang Popular sa Pilipinas*. Retrieved june 2015, from online Filipinos: <http://www.slideshare.net/lazojovina/pamahiin>
- Palmer, A. (2014). *Are you X, Y, Z, Boomer or Silent Generation - what does it mean for you?* Retrieved june 2015, from <http://www.mirror.co.uk/news/uk-news/you-x-y-z-boomer-3950868>
- Posadas, L. M., & Fernandez, R. G. (2015). Palaweños, Do We Know Where We're Going To?: The Dynamics of Generation Y and Z. In *Filipino Generations in a Changing Landscape*. Philippine Social Science Council.
- Schroer, W. J. (2012). *Generations X, Y, Z and the Others*. . Retrieved june 2015, from The Social Librarian: www.socialmarketing.org/newsletter/features/generation3.htm

- Sherlane. (2014). *Mga Pamahiin sa Lamay at Libing*. Retrieved June 2015, from <http://fortunate-lady.blogspot.com/2014/08/mga-pamahiin-sa-lamay-at-libing.html>
- Siojo, R. (2015). *The Philippines - Superstitions and Beliefs*. Retrieved June 2015, from <http://aboutphilippines.ph/filer/Superstitions-and-Beliefs.pdf>
- Sladek, S., & Ernster, B. (2009). *XYZ University: Next Generation Intelligence. Engaging Younger Generations*. League of Minnesota Cities.
- Wallop, H. (2014). *Gen Z, Gen Y, baby boomers – A Guide to the Generations*. Retrieved June 14, 2015, from The Telegraph: <http://www.telegraph.co.uk/news/features/11002767/Gen-Z-Gen-Y-baby-boomers-a-guide-to-the-generations.html>
- Waterworth, N. (2013). *Generation X, Generation Y, Generation Z, and the Baby Boomers*. Retrieved June 2015, from Talented Herd: <http://www.talentedheads.com/2013/04/09/generation-confused/>
- Whitson, J. A., & Galinsky, A. D. (2008). Lacking Control Increases Illusory Pattern Perception. *Science AAAS*.